

# Study Journal

"Ang kaalaman na nairekord nang mabuti ay magagamit sa oras ng pangangailangan. Ang mahahalagang espirituwal na impormasyon ay dapat itago sa sagradong lugar na nagpapakita sa Panginoon kung paano mo ito pahalagahan. Kapag ganito ang ginagawa mo ay malamang na makatanggap ka pa ng dagdag na liwanag."

Richard G. Scott, "Acquiring Spiritual Knowledge," *Ensign,* Nob. 1993, 88

# ANG MAG-ANAK

## ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

### Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang potensiyal na maging magulang bilang mag-asawa. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos sa Kanyang mga anak na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Ipinapahayag din namin na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. "Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos, at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ama at ina—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, ang kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

Kami ay nagbababala na ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

Kami ay nananawagan sa mga responsableng mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan.

*Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa General Relief Society Meeting na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sa Salt Lake City, Utah.*

# ANG BUHAY NA CRISTO

## Ang Patotoo ng mga Apostol

### Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo dalawang libong taon na ang nakararaan, iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo.

Siya ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan, at ang Mesiyas ng Bago. Sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, Siya ang manlilikha ng daigdig. "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:3). Bagaman siya ay walang kasalanan, bininyagan siya upang gawin ang buong katuwiran. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38), gayon pa man ay kinamuhian siya dahil dito. Ang Kanyang ebanghelyo ay mensahe ng kapayapaan at mabuting balita. Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas niya ang mga daan sa Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay. Itinuro Niya ang katotohanan tungkol sa kawalang-hanggan, at ang katotohanan tungkol sa buhay natin bago tayo nabuhay sa mundo, ang layunin ng buhay natin sa mundo, at ang potensiyal ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa buhay na darating.

Pinasimulan Niya ang sakramento bilang paalaala sa Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Siya ang dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo.

Taimtim kaming nagpapatotoo na ang Kanyang buhay, na siyang tampulan ng buong kasaysayan ng sangkatauhan, ay hindi nagsimula sa Betlehem o nagtapos sa Kalbaryo. Siya ang Panganay ng Ama, ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig.

Nagbangon Siya sa libingan upang "maging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20). Bilang Nabuhay na Mag-uling Panginoon, dumalaw Siya sa mga taong minahal Niya noong nabubuhay pa Siya sa lupa. Naglingkod din Siya sa Kanyang "ibang mga tupa" (Juan 10:16) sa sinaunang Amerika. Sa makabagong daigdig, Siya at ang Kanyang Ama ay nagpakita sa batang lalaking si Joseph Smith, upang pasimulan ang matagal nang ipinangakong "kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10).

Tungkol sa Buhay na Cristo, isinulat ng Propetang Joseph: "Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

"Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (Doktrina at mga Tipan 110:3–4).

Tungkol sa Kanya ay ipinahayag rin ng Propeta: "At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—


"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:22–24).

Ipinahahayag namin nang taimtim na ang Kanyang pagkasaserdote at Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa mundo na—"itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol, at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato na panulok" (Mga Taga Efeso 2:20).

Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik Siyang muli sa mundo. "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5). Mamamahala siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso.


Nagpapatotoo kami, bilang Kanyang marapat na inordenan na mga Apostol—na si Jesus ang Buhay na Cristo, ang walang kamatayang Anak ng Diyos. Siya ang dakilang Haring Emmanuel, na ngayon ay nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama. Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak.


**ANG UNANG PANGULUHAN**



Ika-1 ng Enero, 2000

**ANG KORUM NG LABINDALAWA**





# ANG PAGPAPANUMBALIK NG KABUUAN NG EBANGHELYO NI JESUCRISTO

## ISANG PROKLAMASYON SA MUNDO PARA SA IKA-200 TAONG ANIBERSARYO

### Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Taimtim naming ipinapahayag na minamahal ng Diyos ang Kanyang mga anak sa bawat bansa sa mundo. Ipinagkaloob sa atin ng Ama sa Langit ang banal na pagsilang, ang walang katumbas na buhay, at ang walang-katapusang sakripisyo ng pagbabayad-sala ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, nabuhay muli si Jesus at nakamit ang tagumpay laban sa kamatayan. Siya ang ating Tagapagligtas, ang ating Halimbawa, at ang ating Manunubos.

Dalawang daang taon na ang nakalipas, isang magandang umaga ng tagsibol noong 1820, ang batang si Joseph Smith, na naghahangad na malaman kung anong simbahan ang dapat niyang sapian, ay nagtungo sa kakahuyan na malapit sa kanyang tahanan sa may hilagang bahagi ng New York, USA upang manalangin. May mga tanong siya tungkol sa kaligtasan ng kanyang kaluluwa at naniwala na gagabayan siya ng Diyos.

Mapagpakumbaba naming ipinapahayag na bilang kasagutan sa kanyang dalangin, nagpakita ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo kay Joseph at pinasimulan ang "pagpapanumbalik ng lahat ng bagay" (Mga Gawa 3:21) tulad ng ibinadya sa Biblia. Sa pangitaing ito, nalaman niya na kasunod ng pagkamatay ng mga orihinal na Apostol, ang Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan ay nawala sa lupa. Magiging kasangkapan si Joseph sa pagbabalik nito.

Ipinapahayag namin na sa ilalim ng direksyon ng Ama at ng Anak, dumating ang mga sugo mula sa langit upang turuan si Joseph at muling itatag ang Simbahan ni Jesucristo. Ipinanumbalik ni Juan Bautista, na nabuhay na mag-uli, ang awtoridad na magbinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ipinanumbalik ng tatlo sa orihinal na labindalawang Apostol—nila Pedro, Santiago, at Juan—ang pagka-apostol at mga susi ng awtoridad ng priesthood. Dumating din ang iba pa, kabilang si Elijah, na nagpanumbalik ng awtoridad na magbuklod ng mga pamilya magpakailanman sa isang walang hanggang ugnayan na napagtagumpayan ang kamatayan.

Nagpapatotoo rin kami na binigyan si Joseph Smith ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos na magsalin ng isang sinaunang talaan: ang Aklat ni Mormon—Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Kabilang sa mga nasusulat sa mga sagradong pahina nito ang tala tungkol sa personal na ministeryo ni Jesucristo sa mga tao sa kanlurang bahagi ng mundo pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Itinuturo nito ang layunin ng buhay at ipinaliliwanag ang doktrina ni Cristo, na siyang sentro ng layuning iyon. Bilang katuwang na banal na kasulatan ng Biblia, nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon na ang lahat ng tao ay anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, na Siya ay may banal na plano para sa ating buhay, at ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, ay nagsasalita sa atin ngayon katulad noong sinaunang panahon.

Ipinapahayag namin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na itinatag noong ika-6 ng Abril 1830, ang ipinanumbalik na Simbahan ni Cristo na nakatala sa Bagong Tipan. Nakasalig ang Simbahang ito sa sakdal na buhay ng pangunahing batong-panulok nito, na si Jesucristo, at sa Kanyang walang katapusang Pagbabayad-sala at literal na Pagkabuhay na Mag-uli. Muling tumawag si Jesucristo ng mga Apostol at pinagkalooban sila ng awtoridad ng priesthood. Inaanyayahan Niya tayong lahat na lumapit sa Kanya at sa Kanyang Simbahan, upang tumanggap ng Espiritu Santo, ng mga ordenansa ng kaligtasan, at magkamit ng walang maliw na kagalakan.

May dalawang daang taon na ngayon ang nakalipas mula nitong Pagpapanumbalik na pinasimulan ng Diyos Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na si Jesucristo. Milyun-milyong tao na sa mundo ang tumanggap sa mga iprinopesiyang pangyayaring ito.

Malugod naming ipinapahayag na ang ipinangakong Pagpapanumbalik ay sumusulong sa pamamagitan ng patuloy na paghahayag. Kailanman ay hindi na magiging katulad nang dati ang mundo, habang ang Diyos ay patuloy na "ti[ti]punin ang lahat ng mga bagay kay Cristo."(Mga Taga-Efeso 1:10)

Lakip ang lubos na paggalang at pasasalamat, kami bilang Kanyang mga Apostol ay nag-aanyaya sa lahat na malaman—tulad ng pagkakaalam namin—na bukas ang kalangitan. Ipinapahayag namin na ipinababatid ng Diyos ang Kanyang kalooban sa Kanyang mga minamahal na anak. Nagpapatotoo kami na yaong mga mapanalanging pag-aaralan ang mensahe ng Pagpapanumbalik at kikilos nang may pananampalataya ay pagpapalaing magkamit ng kanilang sariling patotoo sa kabanalan nito at sa layunin nitong ihanda ang mundo para sa ipinangakong Ikalawang Pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.

*Ang proklamasyon na ito ay binasa ni Pangulong Russell M. Nelson bilang bahagi ng kanyang mensahe sa Ika-190 Taunang Pangkalahatang Kumperensya na ginanap noong ika-5 ng Abril 2020, sa Salt Lake City, Utah.*



# Pambungad sa Doctrinal Mastery

Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni propetang Helaman sa kanyang mga anak na lalaki, "Sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan" (Helaman 5:12). Ang pagtatayo ng saligan kay Jesucristo—na kinabibilangan ng pag-unawa, paniniwala, at pamumuhay ayon sa Kanyang doktrina—ay magpapalalim ng ating pagbabalik-loob at katapatan bilang Kanyang mga disipulo, poprotekta sa atin laban sa mga impluwensya ng kaaway, at tutulong sa atin na pagpalain ang buhay ng iba.

Ang isa sa mga paraan na isinasagawa natin ito ay sa sama-samang pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa klase ayon sa pagkakasunud-sunod nito. Ang isa pang paraan na itinatayo natin ang ating saligan kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina ay sa pamamagitan ng pagsisikap na tinatawag na Doctrinal Mastery.

Ang Doctrinal Mastery ay nagtutuon sa dalawang resulta:

1. *Matutuhan at maipamuhay ang mga banal na alituntunin para magtamo ng espirituwal na kaalaman.* Nagpahayag ang Ama sa Langit ng mga alituntunin para sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman. Kabilang sa mga alituntuning ito ang pagkilos nang may pananampalataya, pagsusuri sa mga konsepto at tanong nang may walang-hanggang pananaw, at paghahangad na mas makaunawa sa pamamagitan ng sources na itinalaga ng Diyos.

   Nagkakaroon tayo ng doctrinal mastery kapag isinasabuhay natin ang mga alituntuning ito sa loob at labas ng klase at humahanap ng mga sagot sa tanong ukol sa doktrina, personal na bagay, lipunan, at kasaysayan sa paraang nag-aanyaya sa Espiritu Santo na palakasin ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

2. *Maging mahusay sa mga doctrinal mastery scripture passage at sa doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo na itinuturo ng mga ito.* Nakakamtan ang resultang ito sa pamamagitan ng:

   a. Pag-alam sa doktrinang itinuro sa mga doctrinal mastery scripture passage.

   b. Pagpapaliwanag nang malinaw sa doktrina gamit ang kaugnay na mga doctrinal mastery scripture passage.

   c. Pagkakaroon ng kakayahang matandaan at mahanap ang mga doctrinal mastery scripture passage at maisaulo ang mahahalagang parirala ng banal na kasulatan.

   d. Pagsasabuhay sa doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman sa ating araw-araw na mga pagpili at sa mga tugon natin sa mga isyu at tanong ukol sa doktrina, personal na bagay, lipunan, at kasaysayan.



# Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman

## Ang Diyos ang Pinagmumulan ng Lahat ng Katotohanan

1. Nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay at Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katotohanan. Dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit at nais Niya tayong umunlad hanggang sa maging katulad Niya, hinikayat Niya tayong "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 88:118). Sa paghahanap natin sa katotohanan, mapagkakatiwalaan natin Siya nang lubos, na umaasa sa Kanyang karunungan, Kanyang pagmamahal, at Kanyang kapangyarihan na turuan at pagpalain tayo. Nangako ang Diyos na ihahayag Niya ang katotohanan sa ating puso't isipan sa pamamagitan ng Espiritu Santo kung masigasig natin Siyang hahanapin.

2. Para matulungan tayo, itinuro sa atin ng Ama sa Langit kung paano magtamo ng espirituwal na kaalaman. Nagtakda Siya ng mga kondisyon na kailangan nating sundin para matamo ang gayong kaalaman. Sa itinakdang huwaran ng Diyos, hinihingi sa atin na magkaroon tayo ng tapat na hangaring malaman ang katotohanan at maging handang mamuhay ayon sa Kanyang inihayag. Ang ating tapat na hangarin ang aakay sa ating maghangad ng katotohanan sa pamamagitan ng panalangin at masigasig na pag-aaral sa salita ng Diyos.

3. Minsan ay may matutuklasan tayong mga bagong impormasyon o magkakaroon ng mga tanong tungkol sa doktrina, gawain, o kasaysayan ng Simbahan na tila mahirap unawain.

Ang pagtatanong at paghahanap ng mga sagot ay mahalagang bahagi ng ating pagsisikap na malaman ang katotohanan. Ang ilang tanong na maiisip natin ay maaaring binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga tanong na binigyang-inspirasyon ay dapat ituring na mga kaloob mula sa Diyos na nagbibigay ng mga pagkakataong maragdagan ang ating pang-unawa at lumakas ang ating pagtitiwala na handa tayong turuan ng Panginoon. Anuman ang pinagmumulan ng ating mga tanong, nabiyayaan tayo ng kakayahang mag-isip at mangatwiran at ng impluwensya ng Panginoon na nagpapalawak ng ating isipan at nagpapalalim ng ating pang-unawa. Ang saloobin at layunin ng ating pagtatanong at paghahanap ng mga sagot ay malaki ang epekto sa kakayahan nating matuto sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

4. Ang sumusunod na tatlong alituntunin ay maaaring gumabay sa atin sa paghahangad nating matuto at maunawaan ang walang-hanggang katotohanan at malutas ang mga tanong o problema:

- Kumilos nang may pananampalataya.
- Suriin ang mga konsepto at mga tanong nang may walang-hanggang pananaw.
- Hangaring mas makaunawa sa pamamagitan ng sources na itinalaga ng Diyos.

## Alituntunin 1: Kumilos nang may Pananampalataya

5. Kumikilos tayo nang may pananampalataya kapag pinipili nating magtiwala sa Diyos at lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng taimtim na panalangin, pag-aaral ng Kanyang mga turo, at pagsunod sa Kanyang mga utos.

6. Kapag hinahangad natin na pagbutihin ang ating pang-unawa at malutas ang mga problema, mahalagang umasa tayo sa ating patotoo kay Jesucristo, sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo, at sa mga turo ng Kanyang inordenan na mga propeta. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Pagdating ng mga sandaling iyon at magkaroon ng mga problema, at hindi ito malutas kaagad, *manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman*" ("Panginoon, Nananampalataya Ako," *Liahona*, Mayo 2013, 94). Ang Panginoon mismo ang nag-anyaya sa atin na "isaalang-alang [Siya] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (Doktrina at mga Tipan 6:36).

7. Sa mga oras na maaaring hindi natin agad mahanap ang mga sagot sa ating mga tanong, makabubuting tandaan na kahit inihayag ng Ama sa Langit ang lahat ng kailangan para sa ating kaligtasan, hindi pa Niya inihahayag ang lahat ng katotohanan. Kapag patuloy nating hinahanap ang mga sagot, dapat tayong mamuhay nang may pananampalataya—nagtitiwala na kalaunan ay matatanggap natin ang mga sagot na hinahanap natin. Kapag tayo ay tapat sa katotohanan at liwanag na natanggap na natin, mas makatatanggap pa tayo. Ang mga sagot sa ating mga tanong at panalangin ay madalas dumating nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30).

## Alituntunin 2: Suriin ang mga Konsepto at Tanong nang may Walang-hanggang Pananaw

8. Para masuri ang mga doktrinal na konsepto, tanong, at isyung panlipunan nang may walang-hanggang pananaw, isinasaalang-alang natin ang mga ito sa konteksto ng plano ng kaligtasan at sa mga turo ng Tagapagligtas. Hinahangad natin ang tulong ng Espiritu Santo para makita ang mga bagay-bagay tulad sa kung paano nakikita ng Panginoon ang mga ito. Tinutulutan tayo nitong iangkop ang tanong (makita ang tanong sa ibang paraan) at tingnan ang mga ideya ayon sa pamantayan ng katotohanan ng Panginoon sa halip na tanggapin ang mga ideya o palagay ng mundo. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagtatanong ng tulad ng "Ano na ba ang alam ko tungkol sa Ama sa Langit, sa Kanyang plano, at kung paano Siya nakikitungo sa Kanyang mga anak?" at "Anong mga turo ng ebanghelyo ang nauugnay o naglilinaw sa konsepto o isyung ito?"

9. Kahit ang mga tanong na nauugnay sa kasaysayan ay maaaring kailangang suriin nang may walang-hanggang pananaw. Kapag nanatili tayong matatag na nagtitiwala sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang plano ng kaligtasan, makikita natin nang mas malinaw ang mga problema. Maaari ding makatulong na suriin ang mga tanong tungkol sa kasaysayan sa wastong konteksto ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kultura at mga pamantayan sa panahon nito kaysa igiit ang mga kasalukuyang pananaw at saloobin.

10. Mahalagang tandaan na ang mga detalye ng kasaysayan ay hindi nagtataglay ng nakapagliligtas na kapangyarihan na taglay ng mga tipan, mga ordenansa, at doktrina. Ang pagkalito dahil sa di-gaanong mahahalagang detalye na magbubunga ng hindi pagkaunawa sa unti-unting paglalahad ng himala ng Panunumbalik ay parang pagsasayang ng oras sa pagsuri sa isang kahon ng regalo at hindi pagpansin sa kagandahan mismo ng regalo.

## Alituntunin 3: Hangaring Mas Makaunawa sa pamamagitan ng Sources na Itinalaga ng Diyos

11. Bilang bahagi ng paraang itinakda ng Panginoon sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman, naglaan Siya ng sources kung saan naghahayag Siya ng katotohanan at patnubay sa Kanyang mga anak. Kabilang sa sources na ito ang liwanag ni Cristo, ang Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, mga magulang, at mga lider ng Simbahan. Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol—ang mga propeta ng Panginoon sa lupa ngayon—ay isang mahalagang source o pinagmumulan ng katotohanan. Pinili at inordenan ng Panginoon ang mga taong ito na magsalita para sa Kanya.

12. Matututuhan din natin ang katotohanan sa pamamagitan ng iba pang mapagkakatiwalaang sources. Gayunman, ang mga tapat na naghahanap ng katotohanan ay dapat mag-ingat sa mga di-mapagkakatiwalaang pinagkukunan ng impormasyon. Nabubuhay tayo sa panahon na "[tatawagin ng marami] na mabuti ang masama, at ang masama ay mabuti" (Isaias 5:20). Si Satanas ang ama ng kasinungalingan at hangad niyang baluktutin ang katotohanan at udyukan tayong talikuran ang Panginoon at ang Kanyang hinirang na mga lingkod. Ang matutong matukoy at maiwasan ang di-mapagkakatiwalaang sources ay maaaring magprotekta sa atin laban sa mga maling impormasyon at mula sa mga naghahangad na sirain ang ating pananampalataya. Kapag humingi tayo ng tulong sa Espiritu Santo at bumaling sa sources na itinalaga ng Panginoon para sa mga sagot at patnubay, mabibiyayaan tayo na matukoy ang tama at ang mali. Mapagtitiwalaan natin ang pangako ng Panginoon na "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5).

## Pagtulong sa Iba na Magtamo ng Espirituwal na Kaalaman

13. Kapag lumapit sa atin ang iba na nagtatanong o nagsisiyasat sa doktrina, mga gawain, o kasaysayan ng Simbahan, paano natin sila higit na matutulungan sa kanilang paghahanap ng katotohanan? Ang sumusunod ay ilan sa mga paraan na matutulungan natin sila:

14. *Makinig nang mabuti at nang may panalangin.* Makinig nang mabuti bago ka tumugon, na hangad na linawin at maunawaan ang talagang itinatanong nila. Hangaring maunawaang mabuti ang tunay na layunin ng kanilang mga tanong at ng kanilang mga nadarama at paniniwala. Manalangin na mapatnubayan ka tungkol sa kung paano mo higit na matutulungan ang mga nagtatanong.

15. *Magturo at magpatotoo tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo.* Magbahagi ng mga angkop na turo mula sa mga banal na kasulatan at mula sa mga propeta ngayon at kung paano sila nakagawa ng kaibahan sa buhay mo. Tulungan ang mga kinakausap mo na suriin o iangkop ang kanilang mga tanong sa konteksto ng ebanghelyo at ng plano ng kaligtasan.

16. *Anyayahan silang kumilos nang may pananampalataya.* Tandaan na iniutos sa atin ng Panginoon na magtamo ng espirituwal na kaalaman para sa ating sarili. Samakatwid, kailangan nating anyayahan ang iba na kumilos nang may pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, pagsunod sa mga kautusan, at masigasig na pag-aaral ng salita ng Diyos, na ginagamit ang mga itinalagang sources, lalo na ang Aklat ni Mormon. Kung naaangkop, anyayahan silang alalahanin ang kanilang mga karanasan kung kailan nadama nila ang Espiritu Santo at na mahigpit na kumapit sa mga walang-hanggang katotohanang nalaman nila hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman.

17. *Mag-follow-up.* Sabihin na tutulong ka sa pagsasaliksik ng mga sagot, at pagkatapos ay sundan ito ng pagbabahagi ng nalaman mo. Maaari din ninyong saliksikin ang mga sagot nang magkasama. Magpakita ng tiwala sa pangako ng Panginoon na magbibigay Siya ng personal na paghahayag.

# Mga Doctrinal Mastery Scripture Passage at Mahahalagang Parirala sa Banal na Kasulatan ayon sa Kurso

## Lumang Tipan

**Moises 1:39:** "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."

**Moises 7:18:** "Tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan."

**Abraham 2:9–11:** Ipinangako ng Panginoon kay Abraham na ang kanyang mga binhi ay "dadalhin . . . ang pangangaral na ito at Pagkasaserdote sa lahat ng bansa."

**Abraham 3:22–23:** Bilang mga espiritu, tayo ay "binuo bago pa ang mundo."

**Genesis 1:26–27:** "Nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan."

**Genesis 2:24:** Ang "lalaki . . . [ay] pumipisan sa kanyang asawa; at sila'y nagiging isang laman."

**Genesis 39:9:** "Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?"

**Exodo 20:3–17:** Ang Sampung Utos

**Josue 24:15:** "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran."

**Mga Awit 24:3–4:** "Sinong tatayo sa kanyang dakong banal? Siyang may malilinis na kamay at may pusong dalisay."

**Mga Kawikaan 3:5–6:** "Sa Panginoon ay buong puso kang magtiwala . . . at itutuwid niya ang iyong mga landasin."

**Isaias 1:18:** "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay tulad ng matingkad na pula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang niyebe."

**Isaias 5:20:** "Kahabag-habag sila na tinatawag na mabuti ang masama, at ang masama ay mabuti."

**Isaias 29:13–14:** Ang panunumbalik ng ebanghelyo ay isang gawaing "kahanga-hanga at kagila-gilalas."

**Isaias 53:3–5:** "Tunay na pinasan [ni Jesucristo] ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kalungkutan."

**Isaias 58:6–7:** Ang mga pagpapala ng wastong pag-aayuno

**Isaias 58:13–14:** "[Talikuran ang] paggawa ng iyong kalayawan sa aking banal na araw; at iyong [tawagin] ang Sabbath bilang isang kasiyahan."

**Jeremias 1:4–5:** "Bago kita inanyuan sa sinapupunan . . . hinirang kitang propeta sa mga bansa."

**Ezekiel 3:16–17:** Ang propeta ay "bantay sa sambahayan ni Israel."

**Ezekiel 37:15–17:** Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon ay magiging "isa sa iyong kamay."

**Daniel 2:44–45:** Ang Diyos ay "magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman."

**Amos 3:7:** "Ang Panginoong Diyos ay . . . [ihahayag] ang kanyang lihim sa kanyang mga lingkod na mga propeta."

**Malakias 3:8–10:** Ang mga pagpapala ng pagbabayad ng ikapu

**Malakias 4:5–6:** "Ibabaling [ni Elias] . . . ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang."

## Bagong Tipan

**Mateo 5:14–16:** "Paliwanagin ninyo nang gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao."

**Mateo 11:28–30:** "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan."

**Mateo 16:15–19:** Sinabi ni Jesus, "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian."

**Mateo 22:36–39:** "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos. . . . Ibigin mo ang iyong kapwa."

**Lucas 2:10–12:** "Sapagkat ipinanganak sa inyo ngayon sa lunsod ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo, ang Panginoon."

**Lucas 22:19–20:** Iniutos ni Jesucristo, tumanggap ng sakramento "sa pag-aalaala sa akin."

**Lucas 24:36–39:** "Sapagkat ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin."

**Juan 3:5:** "Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos."

**Juan 3:16:** "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak."

**Juan 7:17:** "Kung ang sinuman ay nagnanais gumawa ng kalooban ng Diyos ay makikilala niya . . . ang turo."

**Juan 17:3:** "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at si Jesucristo na iyong sinugo."

**1 Corinto 6:19–20:** "Ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo."

**1 Corinto 11:11:** "Sa Panginoon, kailangan ng babae ang lalaki at ang lalaki ay kailangan ng babae."

**1 Corinto 15:20–22:** "Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay namamatay, gayundin kay Cristo ang lahat ay bubuhayin."

**1 Corinto 15:40–42:** Sa Pagkabuhay na Mag-uli, may tatlong antas ng kaluwalhatian.

**Efeso 1:10:** "Bilang katiwala ng kaganapan ng panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo."

**Efeso 2:19–20:** Ang Simbahan ay "itinayo sa saligang inilagay ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus ang batong panulok."

**2 Tesalonica 2:1–3:** "Ang araw ng Panginoon . . . [ay] hindi darating malibang maunang maganap ang pagtalikod."

**2 Timoteo 3:15–17:** "Ang mga banal na kasulatan . . . [ay] makakapagturo sa iyo tungo sa kaligtasan."

**Mga Hebreo 12:9:** Ang Ama sa Langit ang "Ama ng mga espiritu."

**Santiago 1:5–6:** "Kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang ng karunungan, humingi siya sa Diyos."

**Santiago 2:17–18:** "Ang pananampalataya . . . kung ito ay walang mga gawa ay patay."

**1 Pedro 4:6:** "Ang ebanghelyo ay ipinangaral maging sa mga patay."

**Apocalipsis 20:12:** "At ang mga patay ay hinatulan ayon sa kanilang mga gawa."

## Aklat ni Mormon

**1 Nephi 3:7:** "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon."

**2 Nephi 2:25:** "Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan."

**2 Nephi 2:27:** "At sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan . . . o . . . [ng] pagkabihag at kamatayan."

**2 Nephi 26:33:** "Pantay-pantay ang lahat sa Diyos."

**2 Nephi 28:30:** "Magbibigay [ang Diyos] sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin."

**2 Nephi 32:3:** "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."

**2 Nephi 32:8–9:** "Kinakailangan kayong laging manalangin."

**Mosias 2:17:** "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."

**Mosias 2:41:** "Yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos . . . ay pinagpala sa lahat ng bagay."

**Mosias 3:19:** "Hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon."

**Mosias 4:9:** "Maniwala sa Diyos; . . . maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan."

**Mosias 18:8–10:** "[Mag]pabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi . . . na kayo ay nakikipagtipan sa kanya."

**Alma 7:11–13:** "At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso."

**Alma 34:9–10:** "Kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, . . . isang walang katapusan at walang hanggang hain."

**Alma 39:9:** "Huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata."

**Alma 41:10:** "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan."

**Helaman 5:12:** "Sa bato na ating Manunubos . . . ninyo kailangang itayo ang inyong saligan."

**3 Nephi 11:10–11:** "Aking binata ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay magbuhat pa sa simula."

**3 Nephi 12:48:** "Maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa langit ay ganap."

**3 Nephi 27:20:** "Lumapit sa akin at magpabinyag . . . upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo."

**Eter 12:6:** "Wala kayong matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa inyong pananampalataya."

**Eter 12:27:** "Kung ang mga tao ay lalapit sa akin . . . sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila."

**Moroni 7:45–48:** "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo."

**Moroni 10:4–5:** "[Magtanong] nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo . . . at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay."

## Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan

**Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20:** "Nakakita [si Joseph Smith] ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan."

**Doktrina at mga Tipan 1:30:** "Ang tanging tunay at buhay na simbahan."

**Doktrina at mga Tipan 1:37–38:** "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa."

**Doktrina at mga Tipan 6:36:** "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot."

**Doktrina at mga Tipan 8:2–3:** "Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo."

**Doktrina at mga Tipan 13:1:** Ang Aaronic Priesthood ang "may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag."

**Doktrina at mga Tipan 18:10–11:** "Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos."

**Doktrina at mga Tipan 18:15–16:** "Anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!"

**Doktrina at mga Tipan 19:16–19:** "Ako, [si Jesucristo], ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat."

**Doktrina at mga Tipan 21:4–6:** Ang "salita [ng propeta] ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig."

**Doktrina at mga Tipan 29:10–11:** "Aking ipakikita ang aking sarili mula sa langit sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian . . . at mananahanan sa kabutihan kasama ng mga tao sa mundo ng isanlibong taon."

**Doktrina at mga Tipan 49:15–17:** "Ang kasal ay inorden ng Diyos."

**Doktrina at mga Tipan 58:42–43:** “Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin.”

